Nakatatagpo ng kasiyahan ang lahat ng sa Panginoo'y naghihintay, ngayon manalangin tayo sa kanya:

— Kalingain kami, Panginoon, at iyong pakinggan.

Matapat na saksi at panganay mula sa mga patay, ikaw ang naghugas ng aming mga kasalanan sa pamamagitan ng iyong dugo, tulutan mong aming laging alalahanin ang mga dakilang gawa mo.

— Kalingain kami, Panginoon, at iyong pakinggan.

Tinawag mo ang mga tao para maging tagapagpahayag ng iyong Mabuting Balita ng kaligtasan,
patatagin mo sila at gawing matatapat na sugo ng iyong kaharian.

— Kalingain kami, Panginoon, at iyong pakinggan.

Hari ng kapayapaan, ipadala mo ang iyong Espiritu sa mga namumuno rito sa lupa,
ibaling mo ang kanilang mga mata sa mga naghihirap at mga dukha.

— Kalingain kami, Panginoon, at iyong pakinggan.

Ipagtanggol at kalingain ang winawalang-bahala dahil sa lahi, kulay, antas sa lipunan, wika o pananampalataya,
makapamuhay nawa sila batay sa kanilang karapatan at dangal na likas sa kanila.

— Kalingain kami, Panginoon, at iyong pakinggan.

Makibahagi nawa sa iyong kasiyahan ang mga yumao sa iyong pagmamahal,
kasama ni Maria na aming ina, at lahat ng iyong mga banal.

— Kalingain kami, Panginoon, at iyong pakinggan.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo
Dito sa lupa, para nang sa langit.

